# Achieve Fast-Track to Employment Certificate (FTE, Sertipiko ng Mabilis na Landas sa Pagtatrabaho ng Achieve)

## Mga Resulta ng Pagkatuto

Sa pamamagitan ng mga karanasan sa campus, silid-aralan, at lugar ng trabaho, magkakaroon ang mga estudyante ng mas mabuting kakayahang magsarili, pagtataguyod sa sarili, at kasanayan sa:

1. Pagtatakda at pagpapahayag ng mga pangmatagalan at panandaliang layunin;
2. Pagtukoy at pagpapabuti ng nalilipat at kapaki-pakinabang na mga kasanayan sa trabaho at pagkakaroon ng trabaho;
3. Kritikal na pag-iisip kabilang ang sariling pagninilay-nilay at pangangalap at pagsusuri ng impormasyon.

## Mga Kinakailangan

Mahahalagang Tala

- Nalalapat ang lahat ng kurso sa Achieve Comprehensive Transition Certificate.
- Gumagawa ang lahat ng mga estudyante ng Achieve ng indibidwal na Programa ng Pag-aaral kasama ang Tagapayo ng Achieve na nagbabalangkas sa kung aling mga kurso at aktibidad ang tumulong sa estudyante na makamit ang mga resulta ng pagkatuto ng sertipiko.
- Maaaring piliin ng mga estudyante na kumuha ng mga kurso para sa credit o mag-awdit (kumuha ng klase nang walang grado o credit) ng kurso depende sa kanilang kakayahang matugunan ang mga paunang kinakailangan ng kurso at sa kanilang mga partikular na nais na maging resulta ng pagkatuto. Hindi nakakakuha ng pinal na grado o credit para sa kurso sa tradisyonal na paraan ang mga estudyanteng piniling mag-awdit; sa halip, nakakakuha sila ng mga credit patungo sa sertipikong inayon sa indibidwal at inaprubahan ng kolehiyo. Ang mga estudyanteng nag-aawdit ng mga kurso ay nagtatrabaho kasama ang pakultad ng kurso upang pabutihin ang mga nasusukat na resulta ng pagkatuto at ng isang plano upang suriin ang progreso, nang may suporta ng kanilang Tagapayo ng Achieve.

Mga Pangkalahatang Kinakailangan

- Tatlumpu't anim (36) na kabuuang credit sa mga aktibidad sa klase, campus, at karera; na may GPA na hindi bababa sa 2.0 sa mga kursong binibigyan ng grado at CR (pasado) sa inaprubahan at na-awdit na coursework (gawain ng estudyante sa kurso ng pag-aaral).

Mga Partikular na Kinakailangan

- Ibinabahagi ang mga credit sa tatlong pangunahing larangan ng kasanayan: silid-aralan, campus, at karera. Bumubuo ang estudyante ng indibidwal na Programa ng Pag-aaral kasama ang Tagapayo ng Achieve na bumabalangkas sa kung paano natugunan ng estudyante ang mga kinakailangan sa silid-aralan, campus, at karera.
    1. Silid-aralan - labingwalong (18) credit
    2. Campus - siyam (9) na credit
    3. Karera - anim (6) na credit
- ACHV 011 - Oryentasyon at Seminar sa Pagtatagumpay ng Achieve
- Seminar sa Pagpapayo ng Achieve Kada Tatlong Buwan
- Kumpletuhin at ipakita ang portfolio ng Capstone na bumabalangkas sa progreso patungo sa mga layuning tinukoy sa Programa ng Pag-aaral at ang tagumpay ng mga resulta ng pagkatuto sa pamamagitan ng programa. Tatlong (3) credit.

Kabuuang Credit ng Programa: 36